# Matinding Panlilinlang

*Gamit ang ilang itlog, maituturo mo sa iyong pamilya at mga kaibigan ang tungkol sa katotohanan.*

**Ni David Dickson**
Mga Magasin ng Simbahan

### MGA KAKAILANGANIN

- Mga sariwang itlog na hindi pa luto at may balat pa
- Isa o higit pang nilagang itlog na may balat pa at hindi pa basag
- Mga banal na kasulatan



**NGAYONG UMAGA,** napagpasiyahan mong kakain ka ng omelet. Ikaw ay bumangon sa higaan at naghiwa ng mga gulay. Pinainit mo ang kawali. Binasag mo ang itlog . . . at humagalpak ng tawa ang iyong nakababatang kapatid na lalaki.

*"Inulit* mo na naman!" daing mo. Oo, naglaga siya ng ilang itlog at ibinalik niya ang mga ito sa lalagyan ng mga sariwang itlog. Paborito niya itong gawin. Kung may paraan lamang sana upang malaman ang pagkakaiba sa pagitan ng mga sariwang itlog at ng mga nilagang itlog. Aba, ang kapakinabangan niyon ay halos katumbas ng kakayahang tukuyin kung alin ang "totoo" at "pekeng" impormasyon.

Oras na para sa pakay-aralin!

### Ano ang Gagawin

1. Magpakita ng ilang itlog, na may kahit isang nilagang itlog at isang hindi pa lutong itlog. Talakayin sa iyong pamilya ang problemang dulot ng lahat ng maling impormasyon sa mundo ngayon, lalo na sa internet.
2. Ipaliwanag na sa lesson na ito, ang mga hindi pa lutong itlog ay kumakatawan sa katotohanan at ang mga nilagang itlog ay kumakatawan sa panlilinlang. Ngayon, itanong kung may makapagsasabi, sa pamamagitan lamang ng pagtingin, kung aling mga itlog ang luto na. (Marahil ay wala.)
3. Panahon na upang ipakita ang kaibhang magagawa ng dagdag na kaalaman. Subukang paikutin ang bawat itlog sa harap mo. Paikutin ang mga ito nang patayo, tulad ng isang trumpo. Ang mga sariwang itlog ay babagsak kaagad, ngunit ang mga nilagang itlog ay tuluy-tuloy na iikot! Kapag nalaman mo ang simpleng katotohanang ito, hindi ka na malilinlang ulit.
4. Ipaliwanag na magagabayan tayo ng mga banal na kasulatan, mga propeta, at Espiritu Santo sa iba pang mga katotohanan na makatutulong din sa pagtukoy ng mga panlilinlang sa lahat ng aspeto ng ating mga buhay. Kapag sinusunod mo ang mga kautusan at pinakikinggan mo ang Espiritu, malalaman mo ang "mga bagay kung ano talaga ang mga ito" (Jacob 4:13) at matutukoy mo ang katotohanan sa kalipunan ng mga panlilinlang. Tutulutan ka rin nitong pag-aralan ang "mga pinakamabubuting aklat" (at mahanap ang pinakamabubuting website, at source ng balita, at iba pa) sa buong buhay mo.


### HUMINTO AT MAG-USAP


Basahin ang sumusunod na banal na kasulatan at pahayag kasama ang iyong pamilya. Talakayin kung paano maiiwasang malinlang.


"At yayamang hindi lahat ay may pananampalataya, inyong masigasig na hanapin at ituro sa bawat isa ang salita ng karunungan; oo, inyong hanapin mula sa mga pinakamahusay na aklat ang mga salita ng karunungan, maghanap ng kaalaman maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya" (Doktrina at mga Tipan 109:7).

"Kung ang karamihan sa impormasyong nakukuha ninyo ay mula sa social media o sa iba pang media, ang inyong kakayahang marinig ang mga bulong ng Espiritu ay mababawasan. Kung hindi rin ninyo hinahangad ang patnubay ng Panginoon sa pamamagitan ng araw-araw na panalangin at pag-aaral ng ebanghelyo, pinahihina ninyo ang inyong sarili laban sa mga pilosopiya na maaaring kaganyak-ganyak ngunit hindi totoo."

Pangulong Russell M. Nelson, "Maglaan ng Oras para sa Panginoon," pangkalahatang kumperensya ng Okt. 2021 (*Liahona*, Nob. 2021, 120).




MGA LARAWANG-GUHIT NI DAVID HABBEN